# Future Hope

## Ang Paghihirap sa Pananaw ng Pagdating ni Cristo

WEEK 3

### WARM-UP

- Balikan ang isang panahon na naghintay ka nang matagal sa isang pila. Ano ang nangyari?
- Paano mo pinalalakas ang loob ng mga kaibigan mo? Anong paraan ng komunikasyon ang ginagamit mo?
- Ano ang isa sa mga pinakamahirap na pinagdaanan mo itong nakaraang labingwalong buwan? Ano ang natutunan mo sa karanasang ito?

### WORD

*1 Nang hindi na kami makatiis dahil sa pananabik*
*namin sa inyo, nagpasya kaming magpaiwan na lang sa*
*Athens 2 at isugo sa inyo si Timoteo. Kapatid natin siya at kasama naming naglilingkod sa Diyos sa pangangaral ng Magandang Balita tungkol kay Cristo. Pinapunta namin siya para patibayin at palakasin ang pananampalataya*
*ninyo, 3 para walang panghinaan ng loob sa inyo dahil sa mga nararanasan ninyong pag-uusig. Alam naman ninyong kailangan nating pagdaanan ang mga pag-uusig.*

**1 TESALONICA 3:1–3**

(Basahin din ang **1 TESALONICA 3:4–13.**)

Isiping nawalan ka ng paraan ng pakikipag-ugnayan sa isang minamahal at hindi mo na alam ang kalagayan niya. Tulad nito, sina Pablo, Silas, at Timoteo ay nawalan ng balita tungkol sa mga mananampalataya sa Tesalonica. Alam nila ang mga paghihirap at pag-uusig, ngunit hindi nila alam kung ang mga mananampalataya ay nananatiling matatag sa kanilang pananampalataya. Dahil dito, nagpasya silang ipadala si Timoteo at natuwa sila nang marinig nila ang kanyang mabuting balita. Ang pananampalataya din natin ay sinusubok at pinatatatag ng mga paghamong pinagdaraanan natin. Sa araling ito, titingnan natin ang katotohanan ng pag-uusig, ang kahalagahan ng komunidad, at kung paano tayo binibigyan ng Diyos ng kakayahang magtiis sa mga panahon ng paghihirap.

## 1 Bilang mga tagasunod ni Cristo, tayo ay nakakaranas ng mga pag-uusig.

*[3]. . . para walang panghinaan ng loob sa inyo dahil sa mga nararanasan ninyong pag-uusig. Alam naman ninyong kailangan nating pagdaanan ang mga pag-uusig. [4]Noong nariyan pa kami sa inyo, lagi namin kayong pinapaalalahanan na makakaranas tayo ng mga pag-uusig. At gaya ng alam n'yo, ito na nga ang nangyari.* **1 TESALONICA 3:3–4**

Hindi lamang sinabi ng mga sumulat ng liham na ito na totoo ang mga pag-uusig. Sinabi rin nila na *makakaranas tayo ng mga pag-uusig*. Bagama't ito ay isang pangako na hindi natin gugustuhing panghawakan, ang katotohanan ay daraan ang lahat ng mga mananampalataya sa mga pag-uusig dahil sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Sa iyong palagay, bakit mahalaga para kina Pablo, Silas, at Timoteo na sabihin sa mga bagong mananampalataya na makakaranas sila ng mga paghihirap at pag-uusig?

## 2 Bilang mga tagasunod ni Cristo, kailangan natin ng isang komunidad.

*[7]Dahil dito, mga kapatid, sumigla kami sa kabila ng mga paghihirap at problema namin. [8]Nabuhayan kami ng loob dahil nananatili kayong matatag sa Panginoon.* **1 TESALONICA 3:7–8**

Ang magandang balitang ibinigay ni Timoteo tungkol sa iglesya sa Tesalonica ay nagpalakas ng loob nina Pablo at Silas. Ang pananampalataya nila ay parehong napatatag at napagtibay nang iparating ni Timoteo sa mga mananampalataya sa Tesalonica ang pagmamahal at pag-aalala sa kanila nina Pablo at Silas at nang ibinalita naman niya kina Pablo at Silas ang magandang nangyayari sa iglesya sa Tesalonica. Sa gitna ng mga pag-uusig, ang mga tagasunod ni Cristo at dapat na sama-samang nagpapakatatag sa pananampalataya. Ayon sa 1 Tesalonica 3:10, ano ang panalangin nila para sa iglesya? Bakit

mahalaga para sa ating pananampalataya ang personal na pagkikita-kita at pagtugon sa anumang mga kakulangan?

## 3 Bilang mga tagasunod ni Cristo, pinalalakas ng Diyos ang ating loob habang hinihintay natin ang pag-asa sa hinaharap.

*[11]Bigyan nawa kami ng Diyos na ating Ama at ng Panginoong Jesus ng paraan para makapunta riyan sa inyo. [12]Palaguin nawa at pag-alabin din ng Panginoon ang pag-ibig n'yo sa bawat isa at sa lahat ng tao, gaya ng pag-ibig namin sa inyo. [13]At dahil dito, magiging malakas ang loob n'yo, at magiging banal at walang kapintasan ang inyong buhay sa harapan ng ating Diyos Ama sa araw ng pagbabalik ng ating Panginoong Jesus, kasama ang mga pinili niya.* **1 TESALONICA 3:11–13**

Dahil ang mga nagtatag ng iglesya ay hindi makakapunta sa iglesya sa Tesalonica, ginawa nila kung ano ang kanilang makakaya nasaan man sila. Humingi sila sa Diyos ng paraan upang makasama ang iglesya, ipinagkatiwala nila ang mga mananampalataya sa Diyos, at nanalig sila na gagawing ganap ng Diyos ang Kanyang sinimulan sa kanilang buhay. Ayon sa talata 13, sino ang nagpapatatag ng ating loob upang ang buhay natin ay maging *banal at walang kapintasan sa harapan ng ating Diyos Ama sa araw ng pagbabalik ng ating Panginoong Jesus?* Sa iyong palagay, anong pag-uugali ang dapat na mayroon tayo habang hinihintay natin ang pagbabalik ng ating Panginoong Jesus kasama ang lahat ng Kanyang mananampalataya?

## APPLICATION

- Balikan ang naging pinakamahirap mong karanasan. Paano ka nanatiling matatag sa iyong pananampalataya? Ano ang nagbigay sa iyo ng kakayahang magtiis?
- Sa iyong palagay, ano ang naramdaman ng mga mga mananampalataya sa Tesalonica nang makita nila ang pagbabalik ni Timoteo, marinig ang pag-aalala nina Pablo at Silas, at mabasa ang kanilang liham? Bakit natin napagtitiisan ang mga paghihirap sa tulong ng suporta at pagmamahal ng isang komunidad ng iglesya? Paano mo ito maisasapamuhay simula ngayon?
- Sino ang maaari mong ipanalangin ngayong linggo nang agaran at buong alab gaya ng makikita sa liham ni Pablo? Sino ang nasasabik kang makita nang personal upang makatulong na punan ang kakulangan sa kaniyang pananampalataya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa biyaya at kalakasang ibinibigay Niya upang magawa nating maging matatag sa gitna ng mga paghihirap. Pasalamatan Siya para sa espirituwal na komunidad na kinabibilangan mo.
- Ipanalangin ang katawan ni Cristo sa buong mundo na dumaranas ng mga pag-uusig sa ngalan ng ebanghelyo. Ipanalangin na ang bawat mananampalataya ay manatiling matatag at magpatuloy sa paglago sa kanilang pananampalataya, habang hinihintay natin ang dakilang pagbabalik ni Cristo.
- Ipanalangin ang 1 Tesalonica 3:10–13 para sa iyong Victory group. Ipanalangin na magkita-kita kayo, mag-umapaw sa pagmamahal, at maitatag na walang kapintasan sa Kanyang harapan.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph